# Binawi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, samantalang sa bahay ko ay walang anumang makakain ng isang may atay maliban sa kakarampot na sebada sa isang istante ko. Kinaikain ko ito hanggang sa tumagal sa akin. Tinakal ko ito at naubos ito.

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allah sa kanya: "Binawi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, samantalang sa bahay ko ay walang anumang makakain ng isang may atay maliban sa kakarampot na sebada sa isang istante ko. Kinaikain ko ito hanggang sa tumagal sa akin. Tinakal ko ito at naubos ito."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid sa atin ni `Ā’ishah, malugod si Allah sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay binawian samantalang sa bahay niya ay walang anumang sebada. Nanatili siyang kumakain mula sa sebada na iniwan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, nang matagal-tagal. Tinakal niya ito at naubos.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee